Napahamak ang mga nagpapakasukdulan!

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Napahamak ang mga nagpapakasukdulan!" Nagsabi siya nito nang tatlong ulit.}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa kabiguan at kalugihan ng mga nagpapakatindi – sa iba pa sa patnubay at kaalaman – sa buhay panrelihiyon nila at buhay pangmundo nila at sa mga sinasabi nila at mga ginagawa nila, na mga lumalampas dahil sa mga ito sa legal na hangganan na inihatid ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3420